# HANEP
Basahin Mo Ito!

ISSN:2546-0536

MAIL PERMIT NO. 2c-17-05-522
OFFICE OF ENTRY: BACOOR CITY, CAVITE
ENTERED AS 1ST CLASS

Taon 4 Blg.16 | Agosto 26-Setyembre 1, 2019 | P10.00





*Pakikipagharap sa mga executive judge, napipinto?*

# CAVITE PROVINCE PUBLISHERS LEAGUE INC. OFFICERS, NANUMPA KAY JUSTICE MIDAS MARQUEZ

pahina 2



PINANGUNAHAN ni Justice Jose Midas Marquez, court administrator ng Supreme Court, ang oath taking ng mga bagong halal na opisyal ng CPPLI na sinaksihan naman ni PAPI President Nelson Santos.



TUMBS UP ang CPPLI newly elected officials pagkatapos ng oath taking.

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

*Pakikipagharap sa mga executive judge, napipinto?*

# CAVITE PROVINCE PUBLISHERS LEAGUE INC. OFFICERS, NANUMPA KAY JUSTICE MIDAS MARQUEZ

**ANG mga bagong halal na opisyal ng Cavite Province Publishers League Inc. (CPPLI) ay pormal na nanumpa kay Justice Jose Midas Marquez, court administrator ng Supreme Court.**

Ang naturang oath taking ay ginanap sa mismong tanggapan ni Justice Marquez sa SC Compound, Padre Faura, Manila noong Agosto 22, 2019 dakong alas-10:30 ng umaga.

Matapos lagdaan ang kalakip na panunumpa ay malugod na binati ni Justice Marquez ang CPPLI newly elected officials sa pangunguna nina Romeo Santos ng HANEP "Basahin Mo Ito' bilang pangulo; Whelma Apollo ng Asian Star, vice president (tumayong kinatawan si Ed Cuvinar); Rebecca Velasquez ng Pulso ng Makabagong Caviteno, secretary; Maria Francesca Orlain ng Cavite Time Journal, asst. secretary; Raynolie 'Boy' Pones ng Action Balita, treasurer; Rudy Evangelista ng 3 Star, auditor; at Eli Taparan bilang consultant/ adviser.

Sinaksihan naman ni Mr. Nelson Santos, presidente ng Publishers Association of the Philippines Inc. (PAPI), ang naturang oath taking kasama si Ms. Estrella Gallardo, PAPI Auditor.

Sa isang munting salu-salo pagkatapos ng oath taking ay isinabay ang meeting.

Kabilang sa mga tinalakay ay ang mga posibleng programa ng CPPLI.

Napagkasunduan din na dapat ay pairalin o ang pinaiiral ay para sa wasto at lehitimo sa bawat aspeto.

Samantala, nabanggit ni Justice Marquez ang posibleng muling pag-ayuda para sa pakikipagharap at pakikipagtalakayan sa mga executive judge katuwang ang PAPI. **JB**



**CPPLI officers kasama sina Justice Jose Midas Marquez, PAPI President Nelson Santos at PAPI Auditor Estrella Gallardo.**



**Nakamasid si CPPLI President Romeo Santos habang lumalagda si Justice Marquez.**



**DALAWANG Santos at dalawang pangulo: Nelson Santos, pangulo ng PAPI, at Romeo Santos, pangulo ng CPPLI.**



**PINAGITNAAN nina PAPI President Nelson Santos at PAPI Auditor Estrella Gallardo si Justice Marquez.**



**Justice Marquez at CPPLI Treasurer Raynolie Pones.**



**Justice Marquez at CPPLI Asst. Secretary Francia Orlain.**



**Justice Marquez at CPPLI Auditor Rudy Evangelista.**



**Justice Marquez at CPPLI Consultant/Adviser Eli Taparan.**

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Kaya ni Juan pero hindi kaya ni Ben?

**HANEP** ang presyo ng sigarilyo ngayon ah, grabeng nakakalula sa sobrang mahal.
Nakaistambay ako sa isang establisiyimento dahil inabot ng break time sa aking nilalakad na papeles.
Nakita ko ang ilang empleyado sa pagbili ng stick-stick na sigarilyo.
May ilan akong nakausap, sa ganoong puwesto raw ay siyete pesos ang isang stick ng sigarilyo.
Hindi ko na babanggitin ang brand ng yosi na iyon basta dati raw ay four pesos lamang per stick.
Sa tindahan kapag binili ng isang kaha ay mayroong ang benta ay P75 habang ang iba naman ay P80 pero sa ngayon daw ay P95 na.
Usap-usap lang sa kanila habang humihithit ng yosi dahil katatapos lang ng lunch.
Kahit sige pa rin daw sa pagtaas ang presyo ng sigarilyo ay napapabili pa rin sila.
Bahagi iyon ng kanilang nakasanayan o bisyo lalo pagkatapos kumain.
Aminado sila na naisasama nila sa kanilang budget ang paninigarilyo.
Tinanong nila ako kung naninigarilyo rin ba ako at pagkasabi kong hindi ay mabuti pa raw ako hindi kasama sa gastos ang yosi.
Nang ako naman ang nagtanong ay bakit hindi nila lubayan ang bisyong iyon at ang naisagot sa akin dapat ay wala ng pabrika ng sigarilyo.
Ibig sabihin nila, kung wala ng pabrika ay wala ng ibebenta kaya tiyak na stop smoking na din sila.
Pinuna nga nila ang pahayag ng gobyerno kaugnay sa palaging paalala na masama ang paninigarilyo.
Kung masama raw ay bakit pinapayagan ang mga pabrika na gumawa ng yosi.
Kung talagang may malasakit ang gobyerno sa mga tao ay patayin ang mga pabrika.
Sila na rin naman ang sumagot sa kanilang katanungan, malaki kasi ang pakinabang na buwis ng gobyerno mula sa mga pabrika ng sigarilyo.
Kahit anong pagtaas sa presyo ng yosi ay hindi apektado ang nagmamanipaktura ng mga ito kundi ang nagdurusa ay ang mga smokers.
Nakakatuwa na mayroong nagagawang huminto sa paninigarilyo.
Pero iba-iba ang pananaw ng bawat isa sa atin, mahirap sabihing kung kaya ng iba ay dapat kaya rin ng iba pa.
Kaya ni Juan pero hindi kaya ni Ben, ganoon lang daw kasimple iyon.




**DTI'S MENTOR ME ON WHEELS, CAPACITATING CAVITE MSMEs:** Another leg of the Department of Trade and Industry's (DTI) program on free mentorship to further capacitate Cavite MSMEs was brought this time at the City Mall in Anabu, Imus City on August 16, 2019. It also covered a business clinic held on the next day, August 17. Entrepreneurs benefited from the one-on-one consultation offered during the Mentor Me On Wheels (MMOW), which equipped them with the proper business knowledge that will guide them through their business journey. Imus City Mayor Manny Maliksi welcomed guests and participants, thanking DTI-IV-A Regional Director Marilou Toledo, DTI-Cavite Provincial Director Noly Guevara and Provincial Cooperative Development Council Chairman Emeritus Rodrigo Camia for gracing the event. Around 76 mentors imparted expertise and shared entrepreneurship strategies to more than 500 attendees who look forward to being part of the many successful entrepreneurs fueling the economy of the country.

# EDITORYAL

## Mandato para sa malinis na kapaligiran

**NAKAKAALARMA na rin hindi lamang ang dengue dahil maging ang kaso ng leptospirosis sa bansa ay tumaas na rin.**

**Sahuling datos na ipinalabas ng Department of Health, mula Enero hanggang Hulyo ng kasalukuyang taon ay umakyat na sa 916 ang kaso ng leptospirosis sa Pilipinas.**

**Sa nabanggit na bilang ay mahigit sa 300 ay nagmula sa National Capital Region.**

**Nakakalungkot din ang ulat mula sa departamento na mahigit na sa 100 ang namatay.**

**Ang pahayag ni DOH Secretary Francisco Duque III, ang maruming kapaligiran ay isa sa pinag-uugatan ng sakit na ito.**

**Kaya naman ang apela ng kalihim sa mga local government unit ay gawing mandato ang paglilinis sa mga nasasakupang lugar ng mga ito.**

**Lahat tayo sana ay gawing mandato ang pagpapanatiling malinis na kapaligiran upang iwas sa leptospirosis lalo na sa dengue.**

ADVERTISING RATES
COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm
LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S.SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!**' ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite
**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638
**Email:** ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.***
papi

# DOH INCREASES NEWBORN SCREENING COVERAGE IN CALABARZON

**Department of Health (DOH) – CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) last week conducted a "Post Debriefing and Consultative Planning Workshop with Newborn Screening (NBS) Coordinators, Private Partners and Provincial Health Team Leaders" to assess NBS operations and increase its coverage in the region.**

Dr. Felices Emerita P. Perez, Head of the Regional Family Health Cluster, there is a need to regularly evaluate the current status of implementation of the NBS program in order to identify gaps and issues in the operation and provide solutions as well as formulate strategies to improve coverage.

"We must present updates to our NBS coordinators with current policies and new developments on the Enhancement of Philhealth Newborn Care Package in order to formulate a 2019-2010 action plan that will fast track the 85% target coverage of the program," she stated in her opening message during the two-day activity held at the Ramada Hotel in Binondo, Manila on August 8-9, 2019.

The NBS program in the Philippines includes screening of six major disorders namely congenital hypothyroidism (CH), congenital adrenal hyperplasia (CAH), phenylketonuria (PKU), glucose-6- phosphate dehydrogenase (G6PD) deficiency, galactosemia (GAL) and maple syrup urine disease (MSUD).

Philhealth recently Expanded NBS coverage under PhilHealth Circular No. 2018-0021 which took effect on January 6, 2019, and expanded the screening from six to over 28 disorders including hemoglobinopathies and additional metabolic disorders, like organic acid, fatty acid oxidation, and amino acid disorders, pursuant to DOH Administrative Order No. 2014-0045 which issued guidelines on the implementation of the expanded Newborn Screening Program.

The ENBS package will be able to detect endocrine, amino and fatty acid disorders; organic acid, urea cycle defect, cystic fibrosis, hemoglobinopathies, biotinidase deficiency, and other metabolic disorders. It also includes immediate drying of the baby, early skin to skin contact, timely cord clamping, non-separation of mother/baby for early breastfeeding initiation, and weighing of the baby.

Dr. Perez added that most babies with metabolic disorders appears "normal" at birth and only by conducting an ENBS can the disorders be detected and immediate treatment can be given to prevent other complications.

"NBS has saved thousands of newborns from the common life-threatening metabolic disorders. It is very important that every mother must submit her newborn to ENBS after 24-hours from birth because early diagnosis and treatment can help ensure normal growth and development of the affected newborn." she added.

According from data gathered by DOH-CALABARZON from June 2014 to July 2019, the province of Cavite has the highest number of confirmed cases endorsed to a newborn screening continuity clinic for treatment with 168 cases followed by Laguna and Batangas with 125 cases each, then Rizal province with 124 cases and lastly, Quezon with 71 cases.

There is only a total of 1,045 newborn screening facilities in the region with 722 active, 275 inactive and 47 now closed.

Regional Director Eduardo C. Janairo stated that in order to achieve the region's target, the regional office will continue to upgrade health facilities including construction or renovation of a well-planned and well-equipped infrastructures to ensure quality service among patients. "We will encourage and engage more health facilities to offer NBS services by providing training for health personnel for them to be equipped on the proper screening processes and referral in order to reach areas that needs access to newborn care."

"We will also ensure efficient operations, management and network referral system of these NBS facilities including building alliance with local government units and other partner agencies for a well-develop and well-coordinated plan to increase awareness and understanding on the NBS program," he emphasized.

NBS is done by taking a few drops of blood from the baby's heel, blotted on a special absorbent filter card and then sent to the Newborn Screening Center (NSC). Normal ENBS results take about 7-14 working days from the time samples are received by NSC. Positive ENBS results are immediately communicated to parents immediately by the health facility and will be referred instantly to a specialist for confirmatory testing and further management. **BN**

## Kelot, tinepok ng kaanak?

**NASAWI** ang isang 48-anyos na lalaki nang barilin ng kamag-anak nito habang nag-iinuman sa Trece Martires City, Cavite.

Dakong alas-1:30 ng madaling araw nang ideklarang patay ng mga doctor sa MV Santiago Hospital ang biktimang si Bernardo Gabriel, may-asawa, ng Brgy. Gregorrio, Trece Martires City, matapos na barilin ng kanyang kamag-anak na si Nestor Pellos, 66, ng Brgy. Osorio Trece Martires City.

Sa ulat ni Corporal Eduardo Reyes, ng Trece Martires City Police Station, nag-iinuman ang biktima, suspek at apat pa nilang kasamahan na pawang magkakamag-anak dakong alas-8:30 ng gabi sa bakanteng lote sa Purok 2 Brgy Osorio, Trese Martires City.

Patapos na umano silang nag-iinuman kung saan nakaalis na ang isa habang tulog naman ang isa nang bigla umanong nagbunot ng baril ang suspek at walang sabi-sabing binaril ang biktima.

Ayon kay Reyes, wala umanong makapagbigay ng kongkretong dahilan kung bakit binaril ng suspek ang kanyang kamag-anak bukod sa ayaw nilang magsalita.

Sa presinto, itinanggi naman ng suspek na siya ang bumaril bagamat itinuro siya ng isang menor de edad na saksi. **GENE ADSUARA**

## PGC PARTNERS WITH TRECE MARTIRES CITYLGU FORHEALTH SERVICE TO RESIDENTS

**MORE** than 500 Treceños availed the free health-care services provided by the Provincial Health Office in cooperation with Trece Martires City Health Office during the medical and dental mission conducted in Brgy. Aguado on August 20, 2019. Seventy residents underwent tooth extraction performed by the dental team of PHO and TMCHO while the medical team of Gen. Emilio Aguinaldo Memorial Hospital checked the health status of more than 400 patients who were also given the prescribed vitamins and medicines.

Multilab Diagnostic and Health Services also rendered free random blood sugar test.

The mission was made possible thru the assistance of Inocencio Paramedic and Rescue Volunteers (IPARV), barangay health workers and nutrition scholars and the barangay officials of Aguado headed by ABC President Jaimer Sierra. Trece Martires City Mayor Gemma Lubigan and Vice Mayor Bobby Montehermoso with the Sangguniang Bayan members were present at the event and expressed their appreciation to the provincial government's effort in providing health assistance to Treceños. **(PICAD)**




**NAKIISA** si Manila Mayor Fransisco ISKO Moreno Domagoso kay Senator Grace Poe sa pagdalaw sa puntod ng namayapang Hari ng Pelikulang Pilipino na si Fernando Poe ,Jr. bilang pag-alala sa ika-80 kaarawan ng ama ng senadora. Nagsindi ng mga kandila at naghandog sila ng mga bulaklak at dasal sa puntod ni FPJ sa Manila North Cemetery. **CHRISTIAN HERAMIS**



Cavite PHTL Dr. Ma Socorro O. Jimenez raises a concern to a resource speaker during the two-day "Post Debriefing and Consultative Planning Workshop with Newborn Screening (NBS) Coordinators, Private Partners and Provincial Health Team Leaders" held on August 8-9, 2019 at Ramada Hotel in Binondo, Manila. **BOY NAMORA**

# CAVITE HOSTS MONEY & MARKET ENCOUNTER FOR CALABARZON MSMEs

**Graduates of the Department of Trade and Industry's Kapatid Mentor ME (KMME) program in CALABARZON convened on August 16, 2019 at the Tagaytay Country Hotel in Tagaytay City for the launch of Money and Market Encounter (MME), with hopes of acquiring assistance and opportunities from various platforms that can help scale up their business.**

DTI-IV-A Regional Director Marilou Toledo welcomed participants to the event, a supplementary program for KMME graduates from the provinces of Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, and Quezon to help them innovate and be at par with the competition in the global market. The director also disclosed during her welcome remarks that by the end of this year, 402 MSMEs under the KMME program are expected to graduate. RD Toledo likewise thanked DTI-Cavite Provincial Director Noly Guevara for hosting the first MME, as well as to the Go Negosyo Adviser for MSME Development Engr. Merly Cruz, for bringing MME in the region.

Meanwhile, USEC Cruz on the overview of the Money and Market Encounter and Innovative Approaches in Developing MSMEs, underscored the value of MME mentee-graduates, plus its impact on bridging the gap for inclusive growth as the program can link them to different financial institutions and market opportunities.

During the money forum with Sumo Takoyaki Owner and Franchiser Bong Magpayo, mentees learned from a variety of micro finance loans that will increase their capital. Presenters who came from banks and MFIs including the Development Bank of the Philippines (DBP), Small Business Corporation, Card SME Bank, Inter Asia Development Bank and Banko Mabuhay-Tanza laid their loan programs for the benefit of MSMEs. They also shared the importance of simple financial management, especially when it comes to record-keeping, reminding business owners of the famous line, "Debit, Credit, Walang Kupit," for sustainability of the business.

Participants also took the opportunity from the money forum to solicit commitment of the financial institutions, asking banks to somehow prioritize MSMEs by not considering them as risks but instead, as partners for growth.

On the other hand, the Market Forum proper moderated by the President of the Laguna Food Processors Association, Mr. Clarke Nebrao, also from Go Negosyo talked about penetrating the Brick and Mortar Platform. Operations managers of malls together with DTI-Rizal PD Mercedes Parreño discussed about trade fairs and bazaars where MSMEs can participate, saying that DTI is consistently looking for opportunities in linking with marketing groups.

Among the issues raised in the market forum were cases of being taken advantage by trade fair organizers, terms of getting paid, tedious process of application and negotiation with the merchandising department of stores/malls, repacking and the not-so-marketable showcase areas being given for MSME products. Due to these concerns, Mr. Nebrao and the participants all agreed for the conduct of a regional dialogue where leaders of various sectors can sit down and wrap up agreement among market players and mall managers.

Aside from talks on the money and market side, digitalization also became a topic which was facilitated by Ms. Chie Malaki of Highly Succeed, a Philippines-based IT servicing company that specializes on a wide range of web-based services. Resource speakers who came from G-Cash, Shopee Philippines, Cashalo, Philippine Center for Entrepreneurship (PCE) and ROC.ph Digital Marketing Services all believed that in today's economic climate, one must not be afraid of digital transformation particularly in doing business.

The one-day activity also had booth set ups and consultation, as mentorship session to further discuss mentees' needs. Concluding the program was PD Julieta Tadiosa of DTI-Quezon with her words of challenge and encouragement to MSMEs in the region to continue with their positive mindset. On behalf of the DTI family and all beneficiaries of the KMME program, she thanked Presidential Adviser for Entrepreneurship and Go Negosyo Founder Joey Concepcion for the nonstop assistance in strengthening MSMEs, as well as the Philippine Center for Entrepreneurship for extending help in achieving a smooth program flow. **(PICAD)**

# GENTRI MOMS JOIN BUNTIS CONGRESS 2019

Over 240 pregnant women took part in the Buntis Congress 2019 carrying the theme "Pagbubuntis ng Ina ay Mahalaga, Kaya't Magpacheck-Up Na!", led by the General Trias City Health Office (CHO) headed by Dr. Jonathan P. Luseco with the assistance of the Provincial Health Office (PHO) at General Trias Convention Center on August 16, 2019. The program aims to intensify awareness on the significance of regular pre-natal check-up and proper nutrition for maternal and child health during pregnancy.

General Trias City Councilor Atty. Kristine Perdito-Barison, Chair of Sangguniang Panlungsod Committee for Health, delivered an inspirational message that emphasized the importance of the program in the journey to motherhood as it creates consciousness on how to achieve a safe pregnancy. Meanwhile, City Councilors Florencio Ayos, Pafoo Lozares, Jonas Labuguen and Isagani Culanding also graced the program and shared their own experiences being husbands to their pregnant wives, as they play a vital role in ensuring successful and safe childbirth. In their messages, they stressed out that health needs attention and should be prioritized.

Series of discussions were provided to the expectant mothers to ensure that they will be guided throughout their maternity. City Nutrition Action Officer Ms. Leonavie Baylen elaborated on the First 1000 Days of the Baby, which serves as a stepping stone towards a child's better quality of life and highlighted that exclusive breastfeeding should be given on the first 6 months of the baby. Safe Motherhood and Family Planning was conversed by Essential Intrapartum and Newborn Care Coordinator Ms. Gloria Feranil. She underscored the importance of pre-natal visit, eating nutritious foods and having their baby vaccinated. Moreover, Dr. Suzette Pulido discussed the positive impact of Oral Healthcare to Pregnancy and gave them some essential tips on how to prevent dental problems like pregnancy gingivitis.

Various services were also available during the event such as HIV counselling/screening by Provincial HIV-AIDS Coordinator Ms. Haydelisa Maderazo, Asst. Prov'l TB Program Coordinator/ TBHIV Nurse Mr. Raffy Macdonald and CHO staffs, free oral prophylaxis rendered by Provincial Oral Health Coordinator Dr. Mary Ann Montenegro, Department of Health and CHO dentists, free ultrasound by Batangas Medical Center, free massage by City Social Welfare and Development Training Center - Community-Based TESDA, free make-up and facial by Mary Kay, maternity set from Mega Soft Hygienic Products and raffle prizes sponsored by different GenTri Lying-in clinics. **(PICAD)**

# Año: Road clearing operation ipatutupad sa lahat; walang konsiderasyong pulitikal

**LUNGSOD QUEZON (PIA) --** Inihayag ni Department of the Interior and Local Government (DILG) Secretary Eduardo M. Año nitong Biyernes na walang pulitikal na konsiderasyon sa hakbang na pagpapaluwag at paglilinis ng mga kalsada, na ito ay mahigpit na ipatutupad sa lahat ng pamahalaang lokal, maging sa mga pribado o pampamahalaang gusali.

Sa isang kalatas mula sa DILG, matapos ang demolisyon ng isang barangay hall at police traffic station sa lungsod, sinabi ni Año na ang kautusan ni Pangulong Rodrigo Duterte na pagbawi sa mga pampublikong kalsada ay makatutulong sa pagpapabuti ng daloy ng trapiko sa Metro Manila at ibang bahagi ng bansa.

"Ginagawa lang natin ang dapat sapagkat ang batas ay nilikha para ito ay ipatupad para sa ikabubuti ng pamumuhay ng mga tao. Wala po itong intensyon, motibo o halong anumang pulitika. Ito po ay para sa bayan," pahayag ni Año.

"Itutuloy po natin ito hanggang mapagtagumpayan natin hindi lamang dito sa Metro Manila kundi maging sa buong bansa," dagdag niya.

Kasama si Quezon City Mayor Joy Belmonte at iba pang pinuno ng pamahalaan, pinangunahan ni Año ang demolisyon ng barangay hall ng Damayang Lagi, at Traffic Sector 1, DTEU Station ng Philippine National Police (PNP).

"Wala po tayong sinasanto dito. Lahat ng gusali ng pamahalaan na lumabag sa kautusan ng Pangulo ay hindi makakaligtas," aniya.

Ipinagkaloob din ng DILG Chief at ni Mayor Belmonte sa mga pinuno ng Damayang Lagi ang pansamantalang magiging barangay hall para sa patuloy na pagbibigay ng serbisyo publiko sa pamayanan.

Sinabi ni Año na siya ay natutuwa na ang mga mayor ng Metro Manila ay nakikiisa at nagtatrabaho upang masunod ang utos ng Pangulo. Hangad niya na ang lahat ng pinuno ng pamahalaang lokal sa Pilipinas ay makikita ang mga malalaking pagbabago sa Metro Manila bilang inspirasyon para sa kanilang mga nasasakupan.

"Hindi natin ito nais na matapos lang sa Metro Manila. Binanggit na natin ito noon, ang kautusan ng Pangulo ay sumasaklaw sa buong bansa. Sana ay ma-inspire sila sa mga pagbabagong nangyayari dito sa Maynila," paliwanag niya.

"Nakakatuwa na wala pa tayo sa kalahati ng ating 60-day countdown ay marami nang nagagawa ang ating mga Metro Manila Mayor," dagdag pa niya.

Ang nasabing countdown ay nagsimula noong Hulyo 29, 2019 kasabay ng paglalabas ng DILG Memorandum Circular 2019-121 na nag-uutos sa mga pinuno ng pamahalaang lokal na "gamitin ang kinakailangang kapangyarihan upang bawiin ang mga pampublikong kalsada na ginagamit sa pambribadong pamamaraan."

Binanggit ng DILG Secretary na ang suliranin sa trapiko sa Metro Manila ay naging isa nang paulit-ulit na isyu sa bansa na nagdulot ng bilyong pisong pagkalugi sa ekonomiya, at panahon na upang harapin ito ng pamahalaan. "Mapalad tayo sapagkat tayo ay may Pangulong may malakas na political will para ipatupad ang mga kinakailangang reporma sa ating bansa. Kaya dapat natin itong samantalahin." **(PIA InfoComm)**

# 3 SC magistrates accept Chief Justice nomination

**MANILA --** Associate Justices Diosdado Peralta and Estela Perlas-Bernabe on Tuesday accepted their automatic nominations to the judiciary's top post, which would be vacated by Chief Justice Lucas Bersamin upon his retirement on October 18, Justice Secretary Menardo Guevarra confirmed.

Peralta and Bernabe, both 67, are the third and fourth senior justices in the 15-member high tribunal.

Peralta was appointed by former President Gloria Macapagal-Arroyo to the high court in 2009. Bernabe was appointed by former President Benigno Aquino III in 2011.

While not one of the five most senior SC magistrates who are automatically nominated to the chief justice post, a third incumbent magistrate, Andres Reyes, 69, was nominated for the Chief Justice position.

"Justice Reyes was nominated by retired justices Jose Perez and Sesinando Villon," Guevarra, an ex-officio member of the Judicial and Bar Council (JBC), said.

The two most senior SC magistrates, Senior Associate Justice Antonio Carpio, and Associate Justice Mario Victor Leonen declined their automatic nominations.

Carpio is set to compulsorily retire from service on October 26.

Associate Justice Alfredo Benjamin S. Caguioa was also automatically nominated but likewise declined, Guevarra said.

Associate Justice Francis H. Jardeleza, the sixth most senior among the High Court justices, was not included in the nomination because he is compulsorily retiring on September 26. **(PNA)**

# SM CITY BACOOR PARTICIPATES AT THE 3RD QUARTER NATIONAL SIMULTANEOUS EARTHQUAKE DRILL

**SMCITYBACOOR,CAVITE - Supervised by the Bacoor Disaster Risk Reduction and Management Office, SM City Bacoor participated at the 3rd Quarter National Simultaneous Drill (NSED) last August 8,2019 within its mall premises to raise awareness on disaster preparedness, and to ensure the safety of all its shoppers, tenants and employees shall a real earthquake occurs. The Earthquake Drill with___ participants started from 2:00PM and lasted for about 8 minutes after the initial standard Operating Procedure (duck, cover and hold) up to the evacuation and tallying of official headcount.**

Before the drill, the mall announced and encouraged tenants and shoppers inside to participate through the instructions given and be led by the officers stationed per area. An emergency alarm was activated to signify the start of the drill, same alarm that will be used should an actual disaster happens. Officers led the participants to the evacuation area after the duck,cover and hold procedure and proceeded to the nearest exit going to the evacuation area, and immediately began tallying the total number of participants. The Emergency Response Team, functioned as assigned in response to the needs of the drill including setting up of command centers, clearing operations, internal and external communication, customer welfare, rescue, extraction and treatment of injured personnel before taking them into the ambulance on stand-by. The Rescue team also searched the area and attended to the needs of the participants.

Along with all the properties of SM Prime Holdings all over the Philippines, the National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) also encouraged and supervised drills conducted by Local Government Units, Schools, Business Sectors and Private Organizations nationwide.



**Employees, tenants and shoppers of SM City Bacoor still covering their heads while lining up at the designated mall evacuation site.**



**SM City Bacoor Rescue Team responding and preparing the "injured person" before taking to the ambulance.**



**Elderly shoppers lining up at the evacuation area.**



**SM City Bacoor Rescue Team immediately brought the "injured persons" to the ambulance.**

## PASus and APASus Geared Up to Write About Biodiversity

**CALABARZON** Protected Area Superintendents (PASU) and Assistant PASUs from 14 Protected Areas (PA) attended the 3-day "Learning Event on Technical Report Writing and Completed Staff Work" last July 25, 2019. The activity was conducted by the DENR CALABARZON Human Resource Development Section, in coordination with the Conservation and Development Division. This activity was organized to enhance the skills of the Protected Area Superintendents, for better communication with government and stakeholders. The first day focused on Technical Writing Tips and Techniques which include an English refresher course and basic principles of writing, discussed by Ms. Adreana Santos-Remo, Editor-in-Chief of the publications for the Ecosystems Research and Development Bureau (ERDB). She focused on the basics of grammar and how to write effectively and clearly. She shared that basic principles include: think first, then write, be straightforward, be careful in choosing your words, be mindful of sentence structures and do not overwrite. DENR CALABARZON Assistant Regional Director for Management Services, For. Nelson V. DENR IVA (CALABARZON) Compound, Mayapa Main Road (along SLEX), Barangay Mayapa, Calamba City, Laguna Mobile Nos. 09202068610 / 09553912684 E-mail address: denr4a.ord@gmail.com Gorospe, facilitated the discussion on the Formulation of Completed Staff Work (CSW). ARD Gorospe highlighted that CSWs should be well researched, coordinated and validated, analyzed extensively, simple, short and well written, and it should include options and recommendations. Atty. Maria Paz G. Luna presented a lecture on Biodiversity Conservation. She added that our country is rich in biodiversity, which means we have a bigger responsibility. "We have an obligation because we co-evolve with all of the other life forms, our existence depends on the web of life" she added. She also facilitated a workshop on writing for memoranda, reports, and minutes of the meeting among others. She mentioned that, "in writing, motivational problems can often occur when we are not one with the objective of what we are doing".

# CAVITE TRAFFICENFORCER, HULI SA KOTONG

**SWAK sa kulungan ang isang traffic Enforcer sa aktong nangongotong sa bawat mini bus na dumadaan sa kanyang nasasakupan upang malibre sa anumang traffic violations sa Rosario, Cavite.**

Kasong Extortion ang isinampa laban sa suspect na si Abelardo Nocon, 68, may-asawa, miembro ng RTMO Traffic Enforcer na nakatalaga sa Rosario, Cavite at residente ng Brgy Silangan 1, Rosario.

Sa ulat ni Corporal Joeyluz Pulusan, ng Rosario Municipal Police Station, nanghihingi umano ng tig P10 ang suspek sa bawat dumaraan na mga mini bus sa kanyang nasasakupan kapalit ang walang huli sa anumang traffic violation.

Gayunman, ilang drivers ang nagreklamo sa pamagitan ng text message sa PNP Hotline na "Ireport mo kay Tsip Oca" kung saan nagsagawa ng Anti Criminality Operations laban sa suspek.

Bunsod nito, dakong alas-8:00 ng gabi nang isinagawa ng isinagawa ang Anti Criminality Operatios sa Brgy Poblacion, Rosario, kung saan naaktuhang nanghihingi ng pera sa mga driver ang suspek.

"Maiit nga ang P10 na kinokulekta sa bawat daan mo pero malaki na rin yun pag naiipon," ayon sa isang bus driver.

Narekober sa suspek ang halagang P180 na nakolekta nito sa mga driver. GENE ADSUARA



Two major regional Gawad Kalasag awards were given to the City of Bacoor. Bacoor was conferred as Regional Winner for the Best City Disaster Risk Reduction and Management Council (Component City Category) and as Regional Finalist for the Best Local Government Emergency Management and Response Team Category. The awards were given by the Office of Civil Defense CALABARZON and were received by Mayor Lani Mercado Revilla and BDRRMO Head Richard Quion, accompanied by the rest of the members of the City DRRM Council.

# Modus ng 3 kahera, napurnada

**HINDI** umubra ang modus operandi ng tatlong kahera ng isang money changer na mapaghatian ang P100K na kanilang kinulimbat matapos silang mabuking sa ginawa nilang transaksiyon sa Bacoor City, Cavite.

Kasong Qualified Theft ang isinampa laban sa suspek na sina Joan Garcia, 32, ng Brg Salawag, Dasmainas City, Cavite; Siony Cordero, 43, ng Brgy Molino 4, Bacoor City, Cavite at Clarissa Busrton, 31 ng Brgy Molino 4, Bacoor City, Cavite, pawang cashier sa magkakahiwalay na branch ng ZMM Money Changer dahil sa reklamo ni Janet Yumul, 43, Area Manager ng ZMM Money Changer.

Sa ulat ni PSSgt Francis Mark Cortez, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-9:30 ng gabi nang arestuhin ang mga suspek matapos na nagsagawa ng audit sa kanilang tatlong branch ng ZMM Money Changer at natuklasan na umabot sa P100K ang naging discrepancy.

Lumabas sa kanilang audit na nawawalan ng P100K ang tatlong branch ng ZMM Money Changer, ang Queen Row branch, Molino Branch at Magdiwang branch at base sa kanilang imbestigasyon, nagkaroon umano ng kuwestiyonableng transaksiyon sa pamagitan ng pagliipat ng pera mula sa kanilang Molino branch patungo sa Queen branch habang ang Queen branch ay nagpadala naman ng P50K sa Magdiwang branch.

Dahil dito ay inareesto ang mga suspek na napatunayang nagkutsabahan at kasalukuyang nakakulong sa Bacoor City Custodial Center. **GENE ADSUARA**

# PGC's MEDICAL AND DENTAL MISSION, CULTIVATING STRONGER COMMUNITY

**ANOTHER** community in the City of Gen. Trias benefited from the free healthcare services provided during the medical and dental mission held on August 15, 2019 at El Pueblo-Tierra Nevada Subdivision Club House in Barangay San Francisco.

The humanitarian endeavor which continuously prioritizes public health towards a safer and stronger community was made possible thru the collaborative efforts of the provincial and city health office. Hundreds of patients thanked the team of volunteers for the medical assistance, while some took the opportunity to seek help from Board Member Kerby Salazar who was present during the outreach program to monitor constituents' needs.

Likewise, Punong Barangay Eduardo Umali who welcomed guests and volunteers, thanked Governor Jonvic Remulla for the health outreach program and JCI President Kyle Salazar who visited them on behalf of Mayor Ony Ferrer.

The homeowners association, as well as the barangay health workers and staff of BM Salazar were also appreciated by the residents. **(PICAD)**

# Kelot, tepok sa panunumpak

**PATAY** ang isang lalaki, habang sugatan ang kasama nito nang tamaan ng ligaw na bala habang nakatayo sa isang tindahan matapos na namaril ang isang menor de edad sa isang kaaway nito sa Dasmarinas City, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Pagamutan ng Dasmarinas City ang biktimang si alias "Renan" habang nasa stable ng kalagayan si Daniel Dominic Pomeda, 23, binata, construction worker, ng Block 155 Lot 7 Brgy Paliparan 3, Dasmarinas City dahil sa tama ng baril mula kay alias "Russel," isang menor de edad.

Sa ulat ni PSSgt Richard Domingo, ng Dasmarinas CPC, nakatayo ang mga biktima sa isang bakery store sa Brgy Paliparan, nang barilin ng suspek ang kaaway nitong isang alias Atoy pero hindi tinamaan ang huli kundi ang dalawa na nasa lugar.

Nauna rito, binugbog umano ni Alias Atoy ang suspek sa Phase 4 sa Brgy Paliparan ng nasabing Lungsod.

Umuwi ang suspek at pagbalik nito ay may dala na itong sumpak at nang nakita si alias Atoy sa harapan ng panaderia ay pinaputukan nito subalit hindi tinamaan kundi ang dalawa.

Naganap ang pamamaril dakong alas-1:40 ng hapon sa harapan ng nasabing panaderya.

Ang suspek ay nasa kustodiya na ng Department of Social Welfare Development (DSWD) ng Lungsod. **GENE ADSUARA**

# 'Pusher' killed, 21 others nabbed in Bulacan

CAMP GEN. ALEJO S. SANTOS, Bulacan -- A drug peddler was killed and 21 other drug suspects, including three minors, were arrested in separate buy-bust operations in this province on Wednesday and Thursday.

Police Col. Chito G. Bersaluna, provincial director of Bulacan Police Provincial Office, said suspect Arnel Moseños was killed after shooting it out with City of San Jose del Monte police.

"Moseños engaged the police operative in a shoot-out upon knowing that he was dealing with an undercover agent after a consummated drug deal in Barangay Gumaoc West, City of San Jose Del Monte at around 12:30 a.m. Thursday, that prompted our law enforcers to retaliate, resulting in his death," Bersaluna said.

The suspect yielded six small heat-sealed plastic sachets of shabu, seven cut-opened plastic sachets with shabu residue, a cal .38 revolver loaded with two fired cartridge cases; two live ammunition; assorted drug paraphernalia and buy-bust money.

Meanwhile, the 21 other drug suspects were arrested in a series of operations in the towns of Pulilan, Plaridel, Balagtas, Calumpit, San Rafael, San Ildefonso, Guiguinto, Marilao, Malolos and Pandi and City of San Jose Del Monte.

Nabbed were Roselito Cabañog, Jomar Manuel, Dante Borbon, Aldrin Alvaro, Zenaida Israel, Gina Arcilla, Quintin dela Cruz, Jayson King Arcilla, Roldan Rodejo, Rosalie Santos, Maria Victoria Purificacion; Marcelino Lopez, Michael Tagle, Marjoe Enriquez, Jimuel Brin, Ivan Victoriano Darjuan, Emilio A. Mendiola Jr., Gerold Rodriguez, and three minors with ages 16 and 17 years old.

Seized from them were a total of 38 plastic sachets of shabu, two plastic sachets and three wrapped paper with dried marijuana leaves and the buy-bust money.

The suspects and seized pieces of evidence were brought to the Bulacan Crime Laboratory Office for examination.

Criminal charges against the suspects are now being prepared for filing in court. (PNA)

# Miyembro ng Antipolo PNP, kritikal

**KRITIKAL** ang isang 23-anyos na miembro ng Philippine National Police (PNP) matapos nasagi nito ang isang Mitsubishi Adventure at nabannga naman ito ng isang bus ang minamanehong motorsiklo habang patungo sa kanyang SWAT course class sa Carmona, Cavite.

Sinusulat ito ay nasa Intensive Care Unit sa Carmona Hospital and Medical center ang biktimang si Patrolman John Patrick Salumbides, nakatalaga sa Regional Mobile Force Batallion (RMFB) sa Antipolo City at residente ng Block 1 Lot 16 Vienna St., San Marino City, Salawag, Dasmarinas City, Cavite.

Sa ulat ni Corporal Luciano Cortez ,Jr., ng Carmona Municipal Police Station, dakong alas-6:15 ng umaga nang naganap ang insidente sa kahabaan ng Governor's Drive Brgy Cabilang, Baybay, Carmona, kung saan minamaneho ng biktima ang kanyang Suzuki raider motorcycle at patungo sa Camp Vicente Lim para sa kanyang SWAT course class nang pagsapit sa isang kurbadang bahagi ng kalsada nang nawalan ng kontrol sa kanyang manibela at nasagi nito ang isang Mitsubishi Adventure na may plakang SHG 480.

Tiyempo naman may paparating na isang Higer Bus na may plakang ABH 1480 at nabangga nito ang biktima na nagresulta sa kanyang pagkakasugat.

Isinugod ang biktima sa ospital na kasalukuyang nasa kritikal na kalagayan. **GENE ADSUARA**

# KAPIHAN SA SM CITY BACOOR HIGHLIGHTS NATIONAL HEROES MONTH

**SM CITY BACOOR,CAVITE- Kapihan sa SM celebrated National Heroes Month last August 19,2019 at the East Wing Cinema Lobby- SM City Bacoor by showcasing the huge contribution of Cavite in the Philippine history with Dr.Emmanuel Calairo, President of the Cavite Historical Society. Aside from National Heroes Month, Kapihan sa SM also highlighted the Made In The Philippines Product Week through presenting an array of rich Filipino cuisine and local beverages from Cabalen and Buko Juan**.

Dr. Calairo gave an insightful message about how Cavite played a big part of the Philippine History and how it cradled heroes we've known in the past with his topic "Ang Cavite Bilang Sentro Ng Himagsikang Filipino, 1896-1898" . As participants enjoy the meat of the topic, Cabalen showcased two of its sumptuous buffet dishes: Kare-Kare beef stew meat, oxtail and ox-tripe richly complemented with a thick peanut sauce, topped with steamed vegetables and served with cabalen special bagoong, and its famous Crispy Kangkong dipped in batter, fried and served with garlic mayo. Complimenting these Filipino cuisines, Buko Juan presented its thirst-quenching Buko juice and shake drinks made from freshly-harvested coconuts, proudly sourced from all over the Philippines. which were truly refreshing and healthy. Still up to the modern-day, these food and beverage favorites must also be the sought-after comfort meal our heroes craved for during the tiring revolution, much more their favorite dish or drink.

"As a Filipino and a Caviteño, we must ensure that our rich heritage, heroism and culture must be preserved and presented to the public even in this modern times." said Ms.Catherine Antonio-Omarali, SM South 1 Group Manager. "Thus, SM gives a very high regard in bringing our history back to life with presentations like we have here in Kapihan sa SM." Aside from their products, Cabalen and Buko Juan also presented their newest promos and displayed other savory dishes and fresh drinks in their respective booths and distributed freebies to the lucky attendees of this intimate event.




## CATS DREAM, RUMEMATE!

Narito ang ilang takbuhan na ating nasilip sa naganap na pakarera sa pista ng Metro Turf sa Malvar, Batangas. Simulan natin sa unang takbuhan na kung saan ay nakadiskarte ng maayos ang hineteng si Sadam Pilapil para mahanapan ng butas na madaraanan ang pinaremateng niyang sakay na si Victory Dance. Magiging mahigpit sana nilang nakalaban kung hindi lang napadpad ng husto sa kalabas- labasan ang pumangalawang si Crystal Creek ni Mark Lanot ay maaari sana masilat sina Sadam Pilapil dahil sa naging mas malakas ang kamot nung dala ni Mark. Tamang bitaw lang ang nagawang diskarte ni Claro Pare Jr. sa kabayong si Hold Me Tight Baby matapos na nagkaroon ng mainitang bakbakan sa harapan ng iba nilang mga kalaban, kung kaya't pagdating sa huling diretsahan ay sila na lamang ang may magandang paghakbang na dumarating habang inisa- isang lagpasan ang mga napagod nang kalaban kabilang sina Sabtang Island at Kay Tagalog. Sa sumunod na takbuhan ay halos pameta na lamang nang lumagpas ang paborito sa lahat na si King Gil ni Marlon Laloma. Medyo nakiputan lang ang sumegundong si Oh Neng na may malaki rin sana ang tiyansang manalo. Pinarekta lang ni Tameng Tanagon ang sinakyan niyang si Twilight Ingrid kontra sa nakalaban nilang nagdikta ng harapan na sina Attila na kinulang lang at Born Unto Battle na naunahan sa lundagan. Marahan na nirendahan lang ni Jesse Guce ang kabayo na si Backdoor Cover na tumapos ng tiyempong 1:24.8 (13'-23'-22'-25') para sa distansiyang 1,400 meters. Pinakita ni apprentice Mark Lanot kung paano niya pinaremate ang paborito sa lahat na si Cats Dream na talaga namang nasa wastong kundisyon sa kasalukuyan, dahil dumarating sa meta na marami pang maibubuga. Pumangalawa si Show The Whip ni Oneal Cortez at pumangatlo ang bumanderang si Real Steel ni Mark Alvarez. Sa huling takbuhan ay hugandong nagwagi ang outstanding favorite na si Kickback na sinakyan ni Oneal Cortez upang makagradweyt na sa kanilang maiden race assignment. Tinapos niya ang nasabing pakarera ng tiyempong 1:25.6 (13'-23'-22'-25') para sa 1,400 meters na takbuhan.

# DOH CONDUCTS EPIDEMIOLOGY SUMMIT TO STRENGTHEN SURVEILLANCE SYSTEM IN THE REGION

Department of Health (DOH) – CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) conducted a five-day "Epidemiologic and Surveillance Unit (ESU) Summit" to update disease surveillance officers (DSOs) on the newly signed Republic Act (RA) 11223 known as the "Universal Health Care (UHC) Act" and R.A. 11332 known as the "Mandatory Reporting of Notifiable Diseases and Health Events of Public Health Concern Act" and further enhance the reporting of diseases in the region.

"Napakaimportante na palakasin ang disease surveillance natin dahil patuloy ang paglaki ng ating populasyon, dumarami rin ang public health risks and napakabilis kumalat ng mga sakit at dahil dito ang kalusugan ng mamamayan ang nakataya," Regional Director Eduardo C. Janairo stated in his message before the awarding program for disease surveillance officers of the region. held at the Cocoon Hotel in Quezon City on August 16, 2019

"This is still part of universal health care, strengthening of the primary care through timely and proper reporting of notifiable diseases in the community and establishing immediate prevention and control measures to prevent the incidence of outbreaks."

"With an efficient and effective diseases surveillance system, the public will be protected from health threats and diseases both emerging and reemerging infectious diseases and those up for elimination and eradication," he emphasized.

The DOH defines disease surveillance as the foundation of public health decision-making and practice. An organized disease surveillance system provides an effective system that monitors disease outbreaks, confirms diagnosis when necessary through laboratory tests, reports outbreaks in a timely manner, responds with the most effective public health interventions, takes actions to prevent future outbreaks and evaluates the performance of both the intervention and the surveillance system itself.

According to John Bobbie Roca, head of the Regional Epidemiology and Surveillance Unit (RESU), disease surveillance in the country was established in 2008 known as Philippine Integrated Disease Surveillance and Response (PIDSR) along with the epidemiology and surveillance units (ESUs) at the provincial, city, municipal and hospital levels and are managed by health personnel trained to perform disease surveillance activities with the objective of protecting the public's health against notifiable diseases.

"The summit was conducted to gather all DSOs of Local Government Units (LGUs) to reestablish and strengthen the network to ensure a standard proactive surveillance and response system from the community up to the national level that will harmonize existing systems and synchronize efforts in implementing health interventions," Roca added.

Among the notifiable diseases that are being monitored by DSOs under Category 1 includes immediately reportable diseases/syndromes/events such as acute flaccid paralysis, anthrax, human avian influenza, severe acute respiratory syndrome (SARS), adverse event following immunization (AEFI), meningococcal disease, poliomyelitis, cholera, measles and HIV/ AIDS.

Category 2 includes weekly reportable diseases such as acute bloody diarrhea, acute hemorrhagic fever syndrome, Acute viral hepatitis, acute flaccid paralysis, bacterial meningitis, cholera, dengue, diphtheria, influenza, Japanese encephalitis, leptospirosis, malaria, neonatal tetanus, non-neonatal tetanus, paralytic shellfish poisoning, pertussis, rabies, typhoid and paratyphoid fever.

A notifiable disease is any disease that is required by law to be reported to public health officials. The immediate collection of information allows health authorities to monitor the disease and provides early warning of possible outbreaks, when necessary.

Various awards were also given to acknowledge the contributions of DSOs, for their dedication in the field of disease detection, prevention and control in their respective communities. and in ensuring functionality of their respective ESUs. There were 11 golden awardees, 9 silver and 7 bronze.



**DOH-CALABARZON** Regional Director Eduardo C. Janairo extends his gratitude to disease surveillance officers (DSOs) of the regions for their continued dedication and and timely reporting of notifiable diseases at the local level during the "Epidemiologic and Surveillance Unit (ESU) Summit" held at Cocoon Hotel in Quezon City on August 16, 2019. **BOY NAMORA**




# KIM CHIU: MAHALAGA ANG RESPETO

**SADYANG naging talk of the town ang break up between Bea Alonzo and Gerald Anderson.**

Sa mainit na usaping ito ay mayroong bahagyang panawagan sa publiko ang aktres na si Kim Chiu.

Iyon bang tipong kung maaari ay huwag ng humalo pa ang public sa isyung ito.

Naroroon ang matinding pain, meaning ay hindi biro ang pinagdadaanang sakit sa dalawa.

Ang request ng 29-anyos na aktres ay sana ay huwag ng makisawsaw ang publiko.

Kung ano man daw ang naging desisyon from Gerald and Bea ay irespeto na lamang.

Well, may point si Kim dahil ang pangyayari ay decision coming from Gerald and Kim.

Tama lamang na igalang, korek ka diyan Kim na ang respeto ay mahalaga sa bawat tao.

Pero kaya nga lamang, nasa industriya kasi kaya hindi maiiwasan ang komento negative or positive man.

Remember, medyo mainit din ang usapin noong nangyari ang hiwalayan nina Kim at Gerald.

After break up, naging girlfriend ni Gerlad si Maja Salvador na noong mga panahong iyon ay best friend pa ni Kim.

Ganoon lang naman, magiging mainit ang usapin then unti-unti ay mawawala at makakalimutan din.

How's Kim ba ngayon? Eh obyus na masaya si Kim sa ngayon with Xian Lim.

Hindi lang basta happy, in fact ay satisfied ang aktres sa kanyang nobyo at sa kanilang relasyon.

Supportive si Kim kay Xian lalo at nahahaling na rin ang aktor sa larangan ng pagdidirek.



Happy tayo kina Kim and Xian.

@@@

**CATRIONA: READY TAYO SA LAHAT NG TRIALS**

Para kay 2018 Miss Universe Catriona Magnayon Gray, ang pagsubok ay walang pinipiling panahon.

Kahit nga raw nasa rurok na ng tagumpay at naabot na ang pangarap, still ay sumusungaw at dumarating ang trials.

As of now ay hindi pa natin natutukoy kung ano ang sinasabi niyang dahilan.

Nasambit ni Catriona na she is not a perfect and trials still going on.

Mas mainam marahil na magsilbing lecture ang thoughts ni Catriona.

True kasi na nobodies perfect, need na always ready tayo sa ano mang banta ng pagsubok.

We proud of you Catriona.






## (Ika-23 labas)

**SI** Bernie ang nagmamaneho at nakaupo sa harapan si Cecile nang biglang matuwa sa narinig.

Napabulalas si Bernie subalit pigil na pigil sa halip ay pabulong na lamang.

"Doon tayo pupunta sa restoran, wala naman masyadong gagawin sa kabila kaya mananatili lang muna tayo roon."

Tuwang-tuwa si Bernie nang malamang sa restoran ang kanilang punta.

Muntik na nga siyang mapahiyaw sa saya mabuti na lamang at nakontrol niya.

Masaya si Bernie dahil naroroon pa rin sa kanya ang pag-asa na makikita roon iyong babae.

Ibang-iba ang naging epekto ng babaing iyon kay Bernie dahil talagang hanap-hanap niya.

Kaya naman habang nagmamaneho ay tumatakbo rin ang utak ni Bernie.

Umaasa at naniniwala si Bernie na muli niyang makikita ang babae.

Hindi lang basta makikitang muli bagkus ay buo rin ang paniwala niyang higit pa roon ang magiging kasunod.

Abut-abot din ang panalangin ni Bernie na sana sa araw na iyon ay dumating ang babae sa restoran.

Sayang kasi ang pagkakataon habang doon din naman ang punta nila ni Cecile.

Paano nga naman kung hindi na siya muling yayain o dalhin ni Cecile sa restoran.

Kapag hindi na nga nangyari iyon ay malabo na ang kanyang inaasam.

"Ako nga pala si Bernie, sana ay paunlakan mo ang aking tapat na pakikipagkilala sa iyo."

"Salamat naman at ipinagkatiwala mo sa akin na ibigay ang iyong pangalan at iba pang impormasyon sa iyo."

"Unang pagkakakita ko pa lamang sa iyo rito sa loob ng restoran ay masyado mo na akong ginambala."

"Grabe kasi ang pagkakaasam ko para sa muli mong pagbabalik dito sa restoran."

"Ipinapangako ko sa iyo, iingatan ko ito."

**(Sundan)**




## (15)

**"NAKAHAIN** na, kumain ka na at paborito mo ang iniluto kong ulam."

Habang nakatutok ang mga mata sa loob ng aparador nang biglang marinig ni Allan ang boses ng kanyang yaya.

Sinasabihan si Allan na kumain na at huwag paghintayin ang grasya sa lamesa.

Pero paulit-ulit lamang ang isinagot sa yaya na ayaw ni Allan na kumain.

Idinahilan na lamang na wala pang gana at mamya na lamang siya kakain.

Kaya walang gana kumain ay dahil napapaisip si Allan sa sinabi sa kanya ni Alex.

Tutal ay hindi naman nagbabalak si Allan na pumasok ng kolehiyo kaya iba ang tumatakbo sa kanyang isipan.

Lalo at nakita naman niyang mayroon siyang pera na magagamit kung sasama kay Alex.

"Allan…Allan…kakain ka na ba? Kung kakain ka na eh iinitin ko ang pagkain bago ko ihahain uli."

Matagal-tagal din sa loob ng silid si Allan at sa pagkakahiga ay muli na namang kumatok ang yaya niya.

"Bakit ba wala kang gana, may problema o iniisip ka ba? O baka naman may nararamdaman ka?"

Lumabas na rin naman si Allan at habang kumakain ay napupuna siya ng kanyang yaya.

Para kasing pilit na pilit lamang ang ginagawang pagsubo ni Allan.

Tama ang kanyang yaya, mayroon lamang siyang iniisip at iyon nga ay ang pagsama kay Alex.

Nananaig sa isip ni Allan na sasama siya kay Alex at ang iniisip niya ay kung papaano.

Hindi siya magpapaalam sa magulang at tipong paglalayas ang kanyang gagawin.

Tiyak na tiyak naman na kung magpapaalam siya ay hinding-hindi papaya ang kanyang magulang.

"Patawarin po ninyo ako, ginawa ko lamang ito upang makapag-isip muna ako."

**(Ituluyot)**

# Mga Volunteer todo suporta sa SEA Games, "PHISGOC"

**Ang Philippine South East Asian Organizing Committee (PHISGOC) na ginanap sa Subic-Clark Cluster sa ASEAN Convention Center sa Clark Freeport Area, Pampanga. Ay nilahukan ng daan-daang mga boluntaryo mula sa mga institusyon ng kasosyo sa Gitnang Luzon na nagtipon para sa kaganapan bago magsimula ang kanilang pagsasanay.**

Dahil inilunsad ang Volunteer Program noong nakaraang Abril, ang 36 na mga institusyon ng kasosyo, karamihan sa mga unibersidad at kolehiyo sa Metro Manila, Northern at Central Luzon, ay nakipagtulungan sa PHISGOC at nakatuon ng higit sa 6,000 mga boluntaryo mula sa kani-kanilang mga paaralan upang sumali sa napakahalagang aktibidad sa palakasan.

Mahigit sa 20,000 ang mga boluntaryo-aplikante ay nakinig sa panawagan ng Philippine South East Asian Organizing Committee (PHISGOC) na maging bahagi ng 3Oth South East Asian Games. Sa loob ng isang buwan, nakabuo ito ng positibong tugon mula sa mga tao sa buong mundo.

Sa 20,686 na nagpahayag ng kanilang interes na sumali sa programa ng mga boluntaryo, 14,683 ang nag-apply sa pamamagitan ng opisyal na mga portal ng online na SEA games, na kasama ang 2,960 mga dayuhang aplikante habang 6,003 ang nagawa ng kani-kanilang mga paaralan.

Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng 56 na sports na may 530 na mga event para sa mga larong SEA ngayong taon, ang PHISGOC ay nangangailangan ng 9,000 mga boluntaryo upang tulungan at suportahan ang iba't ibang mga nagtatrabaho upang manguna sa tagumpay ng napakahalagang inaasahang palakasan na ito.

Sinabi ni PHISGOC Chief Operating Officer Ramon Suzara na para sa mga event sa Metro Manila, kailangan nila ng 3,150 boluntaryo. Ang Clark at Subic ay nangangailangan ng 2,250 at 1,980 na workforce ng suporta ayon sa pagkakabanggit habang ang iba pang mga kumpol ay mangangailangan ng 1,620 boluntaryo.

Ayon naman kay Deputy Director for Volunteers Program na si Chris Tiu na ang PHISGOC ay nagpapasalamat at nasobrahan sa labis na suporta ng kanilang mga online applicants, partner institusyon at dayuhang boluntaryo. "Batay sa aming karanasan sa yugto ng pangangalap, nadama namin na ang espiritu ng pagiging boluntaryo at nasyonalismo ay talagang malakas inaasahan naming suportahan ang mga ito sa panahon at hanggang sa pagtatapos ng mga laro sa Disyembre, "sabi ni Chris Tiu, Deputy Director para sa Volunteer Program ng PHISGOC.

Inihayag din ni Tiu na natapos na ng kanilang koponan ang pagtataas ng mga online applicants, pagsasanay ng mga trainer para sa Clark at Subic at Metro Manila noong nakaraang buwan. "Sa mga panayam, may mga aplikante na dumating hanggang sa Marawi at Cagayan at isang OFW na nagmula sa Singapore. May mga guro, manggagawa sa komunidad, propesyonal at iba pa na nagdala ng kanilang buong pamilya upang mag-sign up bilang mga boluntaryo, "paggunita ni Chris Tiu.

Inaasahan naming matugunan ang higit pang mga boluntaryo at inaasahan na makarinig ng mas maraming nakakaaliw na mga kwento ng pagiging boluntaryo pati na rin ang pangako na maglingkod sa aming bansa at para sa tagumpay ng ika-30 na SEA Games. #WeWinAsOne

# Pinoy Rappler sa seremonya ng 30th SEA Games

Ang Pilipinong rapper, mang-aawit, tagagawa at miyembro ng Black Eyed Peas na si Apl.de.ap ay nilagdaan ang isang pangako ng suporta sa ika-30 Timog Silangang Asya.

Nasaksihan ng Philippine Olympic Committee (POC) Pangulong Abraham "Bambol" Tolentino at mga Kinatawan mula sa PHISGOC, Philippine Sports Commission (PSC) ang seremonya ng pagpirma sa seremonya na ginanap sa North Lounge Extension, House of Representative.

Malugod na tinatanggap ng pamilyang PHISGOC ang suporta ng Apl.de.ap sa kaganapang pang-isport na biennial sports event.

Nakatakda siyang gumanap sa pambungad na seremonya ng ika-30 South East Asian Games. ngunit inihayag niya na dadalhin niya ang buong pangkat ng Black Eyed Peas ay makikilahok sa pagsasara ng kaganapan.

Ang pagbubukas ay gaganapin sa Philippine Sports Arena sa Bocaue, Bulacan at ang pagsasara ng seremonya ay gaganapin sa New Clark City, Capas, Tarlac.

"Nais naming magpahayag ng espesyal na pasasalamat sa Apl. de. ap na naging inspirasyon sa marami, "pahayag ng PHISGOC at Tagapagsalita na si Alan Cayetano.

Hinimok ng Tagapangulo at Tagapagsalita ng PHISGOC sa Kamara ng media na malaman ang higit pa tungkol sa Apl.de.ap upang matuto mula sa kanyang kwento at mga pakikibaka at nabanggit kung paano "nagbalik" ang mang-aawit sa Pilipinas.

Sinabi ni Cayetano na napakaraming talento sa sports ng Pilipinas at pinuri ang disiplina, pagnanasa, pangako, sakripisyo at pagtutulungan ng mga atleta ng Pilipino.

"Pinahahalagahan namin ang pangako ng Apl.de.ap na ipakita ang kanyang hindi pantay na suporta upang matiyak ang tagumpay ng mga larong SEA," dagdag niya.

Para sa kanyang bahagi na Apl. de.ap nagpasalamat sa SEA games committee para sa pagkakaroon niya na maging bahagi ng momentous, prestihiyosong event ng palakasan.

"Hindi ko ito palalampasin para sa mundo." Sinabi ni Apl.de.ap.

Nabanggit ng international icon na hindi siya makahintay na gumanap sa bagong istadyum sa New Clark City.

# 1st Philippine International PingPong Tournament

Tayo na sa mundo ng kampeon ng PingPong Pilipinas! Ang pahayag ni Daniel Millar, siya ay isang Certified USATT na "State Coach" at isang Certified ITTF-PTT Level I Coach.

Gayundin, siya ang Tagapagtatag ng Kona Table Tennis Club sa Big Island ng Hawaii habang siya rin ang tagapangulo ng Tagaytay Table Tennis Club sa Cavite City, Philippines.

Sa kasalukuyan, siya ay isang Pround na miyembro ng bagong Marikina Table Tennis Club, Incorporated. Nais nitong ibahagi ang Passion sa PingPong kung saan ay maituturing na may matagal ng karanasan

Nabanggit nitong ang pinakamahahalaga nitong Dream ay ang magkaroon ng unang Philippine International PingPong Tournament! Kaya siya ay nananalangin na sya ay gabayan at tulungan ng diyos.

# HANEP SPORTS

Sports Editor: RGN

Email Add: hanepsports2017@gmail.com



**TOPS GUEST -** PINAHAYAG sa 36th Edition TOPS Usapang Sports sa NPC Intramuros, Manila. ni Alvin Tanada ng CVA Cummunity Valleyball Association ang official opening ceremony para sa magaganap na tournament ng volleyball. Kasama sa larawan si TOPS President Ed Andaya at iba pang opisyal ng CVA. **(RGN)**



**PSL -** TODO NA! Buong lakas na binomba ni Petron spiker Aiza Mizo- Pontillas ang bola tungo sa Katunggaling si Mylene Paat ng Cignal sa mahigpit na tagisan nila sa Philippine Superliga All Pilipino 2019 Sime Finals sa Fil Oil Flying V Arena San Juan City. **(RGN)**



**NCAA - ANG BUMANGGA GIBA** - Tuloy sa pag basket si Perpetual Help forward Nat Sevilla kontra sa mahigpit na depensa ng katunggaling si John Estacio ng EAC Emilio Aguinaldo College sa mahigpit na tagisan nila sa 2019 Season 95 NCAA Men Basketball sa Fil Oil Flying V Arena San Juan City. **(PHOTO BY: PRINCE SABBALUCA)**



**PBA -** MATAGUMPAY na nakamit ang kampeonato ng San Miguel Beer kontra Talk N Text sa iskor na 102 - 90 katatapos na 2019 PBA Commissioner's Cup Finals game 6 sa Araneta COLISEUM. **(RGN)**

# 3 'ASO' NG AWOL NA PARAK, TIGBAK SA ENGKWENTRO

**NASAWI ang tatlong sinasabing 'aso-aso' o tauhan ng isang Absent Without Official Leave (AWOL) na parak nang nakipagpalitan ng putok sa mga awtoridad habang isinisilbi ang isang search warrant sa Indang, Cavite.**

Namatay noon din si Vince Venice, alias "Pigsa", at dalawang hindi pa nakikilalang lalaki, na umano'y pawang mga tauhan ni dating PSSgt Marcelino Pacia, Jr., dating nakatalaga sa Southern Police District at nag-AWOL simula pa noong 2016.

Sa ulat ni Police Major Mark Jason Gatdula, hepe ng Indang Municipal Police Station, dakong alas-2:48 ng madaling araw nang isilbi ng pinagsamang puwersa ng Indang MPS, PNP-AKG at RID 4A ang isang search warrant na insiyu ni Hon. Judge Cynthia R. Marino-Ricablanca, ng Sta Cruz, Manila laban kay Pacia dahil sa kasong paglabag sa RA 10591 (Comprehensive Firearms and Ammunition regulation Act) sa kanyang safehouse sa Brgy Kayquit, Indang.

Habang ang grupo ng awtoridad ay papalapit sa nasabing safehouse nang paulanan sila ng sunud-sunod na putok ng baril kaya gumanti ang kapulisan na nagresulta sa pagkamatay ng tatlong tauhan ng dating parak.

Narekober sa lugar ang isang kulay pulang Suzuki Ertiga na walang plaka, isang M16 rifle, isang Beretta 9mm pistol at isang kalibre 45.

Nabatid na wala sa lugar ang kanilang pakay na si Pacia. **GENE ADSUARA**

# Installer, utas sa kuryente

**PATAY** ang isang 24-anyos na installer nang dumikit sa kuryente ang electric dynamo ng air compressor sa stainless na bakal na pintuan na kanyang nahawakan sa Kawit, Cavite.

Idineklarang dead on arrival sa Binakayan Hospital ang biktimang si Johnmark Lagos, installer ng Xiai Song Corp at residente ng 209 Via Ferrea St., Caridad, Cavite City.

Sa ulat ni PSSgt Jason Murcia, ng Kawit Municipal Police Station, dakong alas-4:30 ng hapon nang naganap ang insidente sa POGO building 8 Project site sa First Orient International Venture Inc., Brgy. Pulvorista-Binakayan, Kawit.

Nabatid na papalabas ang biktima sa naturang kuwarto sa nasabing building nang sa paghawak nito sa stainless na hawakan ng pintuan nang dumikit sa electro dynamo ng air compressor na dahilan sa kanyang pagkakakuryente at nagresulta sa kanyang kamatayan.


Ito na ang pangalawang insidente ng sakuna sa nasabing construction site kung saan namatay din ang Erector na si Manuel Oli, 32, matapos na mabagsakan ng beam. **GENE ADSUARA**



**PINURI** ni Manila Mayor Fransisco Isko Moreno Domagoso ang mga tauhan ng Manila Police District matapos iharap sa kanya ang anim na most wanted sa Maynila na kinilalang sina Ramil Olivio (Homicide), Manuel Guevara (Robbery), Ramir Egualan (Rape), Roberto Desembrana, Jr. (Robbery), Angelo Sinabalu (Robbery) at Eruel Pacia (Robbery). Kasunod nito ay isinagawa naman ang pagwasak sa 16 na video karera at fruit game na nahuli sa lungsod partikular sa Baseco. **CHRISTIAN HERAMIS**



**KALABOSO** ang isang ginang na si Joan Lanac Capuz, ng Las Pinas na inaresto ng mga tauhan ng BJMP Paranaque City Jail habang dumadalaw sa kulungan at bisitahin ang kanyang asawa na nakitaan ng tatlong pirasong sachet ng shabu na nakalagay sa kanyang maliit na wallet. Itinago ang mukha habang iniimbestigahan siya ng mga tauhan ng BJMP habang ang Seizing officer na si Arienne Bella Baldecanas ay pumirma sa nasabing inventory. **(JIMMY HAO)**




# CPPLI, 'di manlalamang pero 'di magpapalamang

DALAWANG beses akong nagpunta sa tanggapan ni Justice Jose Midas Marquez, court administrator ng Supreme Court, sa Padre Faura, Manila.

Pero nitong Agosto 22 ay mistulang nakalimot ako na nasa ikatlong palapag nga pala ang opisina ni Justice Marquez.

Dahil ako ang sinusundan, sabi ko ay exercise naman dahil hindi na kami gumamit ng elevator papanhik.

Sa naturang petsa ay isinagawa ang oath taking ng mga newly elected officers ng Cavite Province Publishers League Inc. (CPPLI).

Si Justice Marquez ang nagsilbing inducting officer kaya taus-puso ang pasasalamat ng CPPLI dahil sa kabila ng abalang iskedyul niya ay napagbigyan kami.

Dapat ay nitong nakaraang Agosto 2 subalit hindi natuloy dulot ng biglaang pagkakansela ng pasok sa gobyerno dahil sa hagupit ng bagyo.

Ipinaaabot na rin ng CPPLI ang pasasalamat kay Mr. Nelson Santos, pangulo ng Publishers Association of the Philippines Inc. (PAPI), na tumayo bilang saksi sa nasabing oath taking at siyempre kay Ms. Estrella Gallardo, PAPI Auditor, sa pagpapaunlak sa imbitasyon.

Higit sa lahat ay ang pasasalamat sa Panginoong Diyos na nagbigay ng pahintulot sa nasabing oath taking gayundin ang biyaya na aming pinagsaluhan pagkatapos ng panunumpa.

Katagang panunumpa, nangangahulugan ng isang obligasyon para matupad ang maganda at maayos na samahan.

Hindi sa dami o bilang upang ipakita at patunayan ang magandang misyon.

Bahagi ng sinumpaan ay respeto at walang kaakibat na panlalamang sa kapwa tao.

Ang CPPLI ay hindi manlalamang subalit hindi naman maaaring magpalamang.

Ibig sabihin, hindi puwedeng mang-api pero hindi rin naman puwedeng apihin.

Sa tama lamang po tayo!

# 'Lespu, arestado sa pamamaril?

**SINASABING** dahil sa kalasingan ng isang 38-anyos na pulis Cavite kaya ginawa umano nito ang pamamaril sa isang pipi't bingi na lalaki habang naglalaro ng volley ball sa Trece Martires City, Cavite.

Ginamot sa Gen. Aguinaldo Memorial Hospital ang biktimang si Hermes Guevarra, alias Metmet/Pipi, ng Block 7 Lot B-7, L-42, Phase 1, Regina Ville 2000, Brgy. Inocencio, Trece Martires City, matapos na barilin ni PMSgt Paulo Gagua, 38, may asawa at nakatalaga sa Trece Martires City Police Station at residente ng B-16, L-8, Phase 1, Regina Ville 2000, Brgy. Inocencio, Trece Martires City.

Sa ulat ni PSSgt Rene Bibon, ng Trece Martires CPS, dakong alas-6:30 ng gabi nang naganap ang insidente sa bahay ng biktima.

Nauna rito, naglalaro ng volleyball ang biktima at isang Dexter Dimaranan sa gitna ng kalsada sa nasabing subdibisyion nang dumating ang suspek na lango sa alak at galit na kinompronta ang dalawa sa kanilang paglalaro.

Ilang sandali pa ay bigla na lamang sinuntok ng pulis ang biktima sa likod ng kanyang katawan.

Sa takot ng dalawa ay tumakbo pauwi sa kanilang bahay pero sinundan siya ng pulis at sa pagkakataong ito ay armado siya ng kanyang service firearm at hinanap ang biktima sa ama nitong si Jessie Guevarra pero nang sinagot ng huli ay sampal ang kapalit.

Ilang sandali pa ay nahanap ng suspek ang biktima sa kanilang kusina kung saan dinala ito sa kalapit na creek hanggang sa nakarinig na lamang sila ng putok ng baril.

Pinuntahan ng mga kamag-anak ng biktima kung saan naabutan nila sa creek na may tama ng bala sa tiyan kaya isinugod ito sa ospital.

Ayon kay Binon, posibleng naingayan lamang ang nasabing pulis at dahil lasing na lasing kaya ito nagalit.

Naaresto naman ang suspek sa isinagawang follow up operation. **GENE ADSUARA**